

## **HENERASYON NG MGA LALAKING PUTA**

**Denzel Dominic D. Bancoro, Stevenyl E. Parungao, and Nelson Tenorio**

Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya  
Kolehiyo ng Sining at Agham

### **ABSTRACT**

*Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang malaman ang mga nakapaloob sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga lalaking prostitute. Lumalabas sa pag-aaral na ito na napasok ang mga kalahok dahil sa kahirapan ng buhay. Kinakailangan nila ng pinansyal na seguridad sa buhay at nakamtan nila ito sa pagiging prostitute. Maraming mahirap na pinagdadaanan ang mga kalahok ngunit ayon sa kanila lahat ng ito sa para sa kanilang pamilya at mga pangunahing pangangailangan. Kapalit ng trabahong ito ay ang pagkakaroon ng malaking posibilidad na bumaba ang tingin nila sa sarili. Karamihan sa kalahok ay nagsabing mababa ang tingin nila sa sarili dahil naaapektuhan sila sa mga mungkahi ng mga taong nakapaligid sa kanila. Sa kabila ng lahat ng ito, mas nangingibabaw para sa kanila ang pinansyal na seguridad sa buhay.*

**Keywords:** *Lalaking Prostitute, Seguridad*

### **INTRODUKSYON**

Ang pagtatalik, isang aktibidad na kinakailangan sa ating mga tao upang magkaroon ng patuloy na pamumuhay bilang isang lahi, ay matagal ng pinagsamantalahan ng sangkatauhan sa paraang pagsagot sa tawag ng sekswal na kasiyahan dala ng kanilang libog. Ang tingin na ngayon ng sangkatauhan sa pakikipagtalik ay ang pag sagot sa mga tawag ng sekswal na kasiyahan. Ang iba ay umaabot pa sa paraan ng pagbabayad o kaya sila ang binabayaran upang maranasan ang dalang sarap ng pakikipagtalik kahit pa ito ay sa maikling panahon lamang. Dito na pumapasok ang prostitusyon. Ang prostitusyon ay isa ng matagal na kasanayan maging noong unang panahon hanggat ngayong modernong panahon. Itinuturing itong

pinaka-matanda na propesyon sa buong mundo, umaabot pa sa panahong 2400 BC, na nung panahon na ito, ay tinuturing pa itong isang propesyon, ibig sabihin, ang trabahong ito ay katanggap tangaap pa (Hays, 2015).

Sa kaso ng Pilipinas, nagsimula ang prostitusyon noong na kolonisa na tayo ng mga Espanyol, 1500s, noong yumayabong ang sekswal na kalakalan sa Pilipinas. Pinakikita sa mga dokumento na ang mga Filipina ay itinuring na mga *exotic sex objects* sa mga bahay ng prostitusyon na pag-mamay ari ng mga European. Noong inalis ni Pope Gregory XIV ang pagkaka-alipin sa Pilipinas noong 1591, nagpatuloy parin ang pagyabong ng mga prostitusyon sa Pilipinas (Hays, 2015).

Ayon sa Havoscope (2015), *Prostitution: Prices and Statistics of the Global Sex Trade*, ang tinatayang bilang ng mga prostitute dito sa Pilipinas ay umaabot sa 800,000. Itong kalaking bilang ng mga prostitute dito ay nahahati sa ilang mga syudad sa Pilipinas. Malaking porsiyento nito ay pumapatak sa Metro Manila, kung saan madaming *bar* na humahawak sa mga prostitute na ang mga kostumer ay mga lokal at internasyonal.

Sa pag aaral na ito, ang pananaliksik ay ginagawa dahil naniniwala ang mga mananaliksik na ang pagiging mausisa ay nakapaloob sa pangkataong *psyche* na ginagawa tayong maging mausisa sa mga bagay na nakapalibot sa atin lalo na at kung itong bagay na ito ay hindi pangkaraniwan at gumagawa ng atensyon na galing sa malaking bilang ng mga tao.

## METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pag-aaral na ginamit ng mga mananaliksik ay ang kwalitatib. Ang kwalitatib na pag-aaral kumakalap ng datos sa pamamagitan ng mga interbyu, salita, at mga larawan. Kinukuha nito ang pagkakaintindi ng mga kalahok sa kanilang mga dahilan, opinyon, at mga pagganyak.

Sa ilalim ng kwalitatib na pag-aaral ay ang penomenolohiya. Ang paraan ng pag-aaral na ito ay nakapokus sa mga karanasan at pang-unawa ng mga kalahok. Sa mga kanilang karanasan, hinahanap kung may mga katugma sila sa mga karanasan na kanilang iprinesenta at alamin kung ano ang koneksyon nila.

### **Mga Kalahok**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay tatlong mga lalaking *prostitute* na kasalukuyang ipinagpapatuloy ang kanilang trabaho sa larangan ng prostitusyon. Partikular na ang mga lalaking bagong pasok at pinili ang prostitusyon para sa pag sustento sa kabuhayan, mga lalaking puta na naging parte na ng kanilang pamumuhay ang pagbibigay aliw kapalit ang mallit na halaga at ang huli ang mga lalaking nagbibigay aliw at sumusayaw ng hubo't hubad sa entablado kapalit ang bayad ng mga manonood.

### **Pagsusuri ng datos**

Ang mga mananaliksik ay hinanay ang mga naturang datos sa pamamagitan ng *koding* kung saan ang mga datos ay hiniwalay ayon sa pamamagitan ng paghahanay ng mga datos ng sa gayon ang mga ito ay maiuugnay at magkakaroon ang mga mananaliksik ng kaalaman sa pagkakaiba o pagkakapareho ng mga datos. Ang tinatawag na *koding* sorts ay ginamit kung saan pinagsama-sama ang mga datos gamit ang mga letra at salita na may iba't ibang datos.

### **Mga pamantayang pang-etika**

Walang karapatan ang mga mananaliksik na pilitin ang mga kalahok sa pag-aaral na ito sa mga sasagawaing pag-iinterbyu. Isa itong paglabag sa karapatan ng mga kalahok na dapat hindi gawin. Tatalakayin ng mga mananaliksik ang mga impormasyon kung bakit ginagawa ang pag-aaral na ito upang mabigyang kaisipan ang mga kalahok kung bakit isinasagawa ang pag-aaral na ito. Kailangan na mayroong tiwala ang mga kalahok sa mga mananaliksik bago sila pumyaga na ma-interbyu. Para sa pagiging kompidensyal at anonimo ng mga kalahok, bibigyang impormasyon ng mga mananaliksik ang

mga kalahok na walang sinuman ang maaaring makakita ng pag-aaral na ito maliban nalang sa mga taong konektado sa pag-aaral na ito. Ipag-bibigay alam din ng mga mananaliksik ang impormasyon na hindi gagamitin ang mga tunay na pangalan ng mga kalahok upang masabing kompidensyal at anonimo ang mga datos na makakalap sa kanila. (source: code ofethicsforphilippinepsychologists.retrievedfrom:https://www.pap.org.ph/includes/view/default/uploads/code\_of\_ethics\_pdf.pdf

## MGA DATOS

### Mga Pangunahing Tema

#### *Pinansyal na Seguridad*

Lahat tayo ay kinakailangang punahin ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Ito ang nagsisilbing panulak sa mga trabaho at pinagkakakitaan natin sa buhay upang masustentuhan ang sarili at pamilya natin. Ang isang sikolohiyang teorya na nag-papatatag dito ay ang *ERG Theory* ni Clayton Alderfer. Sa teoryang ito, binabanggit ang mga pangunahing pangangailangan ng isang tao na kinakailangang mabigyang pansin. Ang pinakauna dito ay ang *Existence* o ang pamumuhay. Sinasabi sa teorya na ito na ang pamumuhay ay linalamnan ng mga pangunahing pangangailangan ng tao. Kinakailangan gawin ang mga bagay na magbibigay ng sapat na seguridad sa pamumuhay. Sa pag-aaral na ito, lumabas na halos lahat ng kalahok ay pinasok ang prostitusyon sa kadahilanang nagbibigay ito ng madaliang pera. Itong madaliang pera naman ang nagiging pangkabuhayan nila. Dito nila kinukha ang kinakailangan bayaran sa buhay katulad nalang ng sinabi ng ilang kalahok na para sa pamilya nila ito, para sa kanilang mga anak at para na rin sa ikaaayos ng kanilang mga sariling buhay. Sa pag-aaral ni (Lakeman, 2015), ninanais na ipagpatuloy ng mga *prostitute* ang pagtigil nila sa kanilang propesyon dahil sila ay nanggaling sa hirap at isang paraan ito upang maingat ang kanilang mga sarili. Sa bawat henerasyon ng mga prostitute, ang ikinatutugma na dahilan nila ng pagpasok ay ang pera. Ang pagkakaroon ng pinansyal na seguridad. Dito nila nakikita ang

kanilang mga sarili na mapagkukuhanan ng sapat na pera upang maingat ang kanilang mga sarili sa kanilang kasalukuyang tinatayuan.

### *Sariling pagpapahalaga*

May kanya-kanya tayong tingin sa ating sarili. Mayroong maababa, mayroon namang mataas, at mayroon din na katamtaman lang. Madaming kadahilanan kung paano umaabot sa ganyang mga lebel ang tingin natin sa ating sarili. Ayon sa pag-aaral ni (Stryker & Burke, 2000), nabubuo ang sariling pagpapahalaga sa pakikisalamuha sa mga tao sa paligid at itong sariling pagpapahalaga na ito ang nagtutulak sa mga ginagalaw ng isang tao. Sa mga sagot ng kalahok ng pag-aaral na ito, nahahati sa dalawang lebel ng pagtingin sa sarili. Ito ay ang normal na sariling pagpapahalaga at ang kahihyan. Ang mga kalahok na may normal na sariling pagpapahalaga ay sinabing wala silang pakielam sa kung ano man ang tingin o sasabihin ng mga taong nakapaligid sa kanila. Ginagawa nila ang kanilang trabaho para sa pinansyal na seguridad at hindi sila nagpapaapekto sa sinasabi ng ibang tao dahil hindi naman nila alam ang mga bagay na nagtulak sa kanila upang mapasok sa prostitusyon. Sa pag-aaral ni Benoit (2016), lumabas na mayroong negatibo at positibong epekto na dala ang prostitusyon para sa mga prostitute. Pinag-aralan dito ang sariling pagpapahalaga ng mga prostitute at kung paano ito naapektuhan ng prostitusyon. Dahil may positibong lumabas sa pag-aaral, masasabing hindi nakakababa ang prostitusyon at posible pa itong makapag-pataas ng sariling pagpapahalaga. Katulad ng mga kalahok na normal ang lebel ng sariling pagpapahala, pasok sila sa kinalabasan ng pag-aaral na ito. Ang temang kahihyan naman na lumabas sa ibang kalahok, sinabi nilang kinahihya nila ang kanilang propesyon dahil sa mga sinasabi ng mga tao sa kanilang paligid. Ayon kay Freed (2003), ang mga naging kalahok na prostitute na kanyang inaralay nagsabing malaki ang kahihyan na nararanasan nila dahil sa pagiging prostitute. Ang tema na kahihyan ay malaking bagay para sa mga kalahok dahil lumalabas ito kapag kinukumpara nila ang sarili nila sa ibang tao. Kinahihya nila ito dahil labag ito sa kanilang relihiyon at isa ito sa mga sensitibong trabaho.

## *Persepsyon*

Nasa atin kung paano natin titingnan ang mundo at ang mga nangyayari sa atin. Depende ito sa kung anong klaseng persepsyon na meron tayo. Maaaring tingnan mo ang isang pangyayari sa iyong buhay bilang positibo o negatibo. Lumabas ang temang persepsyon dahil dito napasok ang mga temang nagdidigta sa kung paano harapin ng mga kalahok ang pamumuhay bilang isang lalaking prostiute. Sabi ng isang kalahok, nasa lakas ng loob lang yan. Para naman sa isang kalahok, labag sa kanyang relihiyon ang mga ginagawa niya. Karamihan sa mga sagot ng kalahok ay kung paano mo dadalhin ang sarili mo bilang isang prostitute. Ang diskarte mo ang magdadala sa iyo pataas. Kinakailangan mo na kumayod para sa pera dahil kung hindi, hindi mo mapupunan ang mga pangangailangan mo. May pagkakapareho ang temang sariling pagpapahalga at persepsyon dahil nagkakalapit ito pagdating sa mensaheng pinapalabas. Ang persepsyon mo sa sarili mo at ibang tao ay nakadepende sa sariling pagpapahalaga mo. Ayon kay Benoit (2016), may negatibo at positibong epekto na dala ang prostitusyon. Para sa mga kalahok, nagbigay sila ng mga negatibong karanasan at mayroon din naman positibong karanasan. Nasa persepsyon mo na bilang isang tao kung paano mo haharapin ang mga pagsubok sa buhay. Kahit na para sa isang kalahok, maraming negatibong karanasan na napagdaanan siya, ay inaalala niya parin ang mga positibong nangyari at ang mga bagay na nagbigay sa kanya ng magandang alaala.

## **DISKUSYON**

Mayroong napalad na abot kamay nalang ang pagkakaroon ng seguridad sa buhay, ngunit mayroon namang kinakailangang kumayod upang masalubong ulit ang darating na araw. Kahirapan ang nagtutulak dito at maraming tao ang nararanasan ito ngayon. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay pinasok ang prostitusyon dahil sa pera. Lumaki sila sa hirap at kinakailangan na mag trabaho ng doble kumpara sa normal na mamamayan. Kinakailangan tumigil sa pag-aaral at mag trabaho upang matustusan ang pangunahing pangangailangan. Kahit na sinabi ng mga kalahok na ikinahihiya nila ang kanilang trabaho, binabalewala nila ang persepsyon ng tao sa kanilang paligid dahil nagagawa nila ito

upang makraon ng pinansyal na seguridad. Ang dala ng pinansyal na seguridad ay ang pagkakaroon ng sapat na kuhanan ng pera upang maitulong sa kanilang pamilya, mga anak at sarili.

Ang trabahong prostitusyon ay nakabuo na ng mantasa sa mata ng lipunan. Ang dala ng mantasa na ito ang nakakaapekto sa sariling pagpapahalaga ng mga prostitute. Sa pag-aaral na ito, may ilang kalahok na hindi pinapasnin ang kung anuman na sabihin ng ibang tao dahil ginagawa nila ito para sa seguridad. Ang ilang kalahok naman ay naapektuhan sa sinasabi ng lipunan at nauwi sa kahihyan. Kahihyan sa trabaho, sa pamilya, sa mga kaibigan at sa sarili. Ngunit bakit may magkaiba na resulta ng sariling pagpapahalaga sa mga kalahok? Ito ay dahil sa kani-kanilang persepsyon. Persepsyon na sakop ang kung paano mo tingnan ang sarili mo sa mata ng ibang tao at sa sarili mo. Ito ang nagdadala sa kung paano nararanasan ng prostitute ang kanilang trabaho.

Kahit na may ibang kalahok na mababa ang tingin sa sarili, nananatili parin sila bilang isang prostitute. Ang sinasabi ng temang ito ay kahit na iba ang tingin ng lipunan sa iyo, kahit na masasamng salita ang ibato sa iyo ng mga tao, kahit na iba angtrato sa iyo ng nasa paligid mo, ginagawa parin nila ang kanilang trabaho dahil ito ang pinagkukunan nila ng pera na kung saan ginagamit nila ito sa mga pangunahin nilang pangangailangan. Para sa pamilya, sa mga anak, at para na rin sa sarili.

## **TALASANGGUNIAN**

- Aggleton, p. (2001). Men who sell sex: international perspectives on male prostitution and hiv/aids. London: ucl press.
- Austin, j. (2015, april 15). Uk: uk news. Retrieved April 12, 2018, from mirror: <https://www.mirror.co.uk/news/uk-news/why-weve-turned-prostitution-british-5525504>

- Benoit, c. (2017). Sex work and three dimensions of self-esteem: self-worth, authenticity and self-efficacy. *Culture, health & sexuality*, 69-83.
- Burton, n. (2012, may 30). Hide and seek. Retrieved April 20, 2018, from psychology today <https://www.psychologytoday.com/intl/blog/hide-and-seek/201205/building-confidence-and-self-esteem>
- Chegg study. (n.d.). Psychology definitions: inferiority complex. Retrieved April 20, 2018, from chegg study: <http://www.chegg.com/homeworkhelp/definitions/inferiority-complex-13>
- Corriveau, p., & Greco, c. (2014). Misunderstanding (mis)understandings: male sex workers and the Canadian criminal code. *Sexuality & culture*, 18 (2), 346-360.
- Davis, j. D., & miles, g. (2013). Hidden in plain sight: a baseline study of sexually exploited male masseurs in metro manila. Fifth annual interdisciplinary conference on human trafficking 2013 (pp. 1-41). Digitalcommons@university of Nebraska - Lincoln.
- Granali, r. M. (2015, April 15). Metro latest stories. Retrieved April 12, 2018, from inquirer.net: <http://newsinfo.inquirer.net/685702/young-male-sex-workers-behind-rise-of-hiv-aids-cases-in-calooan>
- Hays, j. (2015, June). Southeast Asia: Philippines. Retrieved April 16, 2018, from facts and details: [http://factsanddetails.com/southeast-asia/philippines/sub5\\_6e/entry-3895.html](http://factsanddetails.com/southeast-asia/philippines/sub5_6e/entry-3895.html)
- Jakobsson, n., & kotsadam, a. (2009, April). What explains attitudes toward prostitution? Gothenburg, Sweden.
- Khan, m. (2010). Poverty of opportunity forcing women into prostitution--a qualitative study in Pakistan. *Health care for women international*, 31 (4), 365-83.
- Mbele, i. (2015, August 31). The stigma around male prostitution. Retrieved april 16, 2018, from the howard press: <https://thehowardpress.wordpress.com/2015/08/31/the-stigma-around-male-prostitution-by-lungile-mbele/>



- Mccabe, I., Acree, M., & Al, E. (2011). Male street prostitution in Dublin: a psychological analysis. *Journal of homosexuality*, 998-1021.
- Minichiello, v., Scott, j., & callander, d. (2013). New pleasures and old dangers: reinventing male sex work. *Journal of sex research*, 50 (3-4), 263-75.
- Moscheta, M., Mcnamee, S., & Dos Santos, M. (2013). Sex trade among men: negotiating sex, bodies and identity categories. *Psicologia & sociedade*, 25 (spe), 44-53.
- Pulkingham, J., & Cohen, M. G. (2009). Public policy for women: the state income, income security and labour market issues. University of Toronto press.
- Reitzes, S., & Mutran, E. (2006). Self and health: factors that encourage self-esteem and functional health. *The journals of gerontology: series b*, 61 (1), s44–s51.
- Rubio, R. J., & Green, R. J. (2009). Filipino masculinity and psychological distress: a preliminary comparison between gay and heterosexual men. *Suxuality research & social policy*, 6 (3), 61-75. The Guardian. (2015, march 27). Education. Retrieved April 11, 2018, from the guardian: <https://www.theguardian.com/education/2015/mar/27/university-students-sex-work-living-costs-tuition-fee-debts>
- Tomura, M. (2009). A prostitute's lived experiences of stigma. *Journal of phenomenological psychology*, 51-84.